# AD CLERUM

VETUS ROMANUS APOSTOLATUS

DEUS CARITAS EST

## "Communis Est"

*A PASTORAL EPISTLE TO THE CLERGY*

### *Carissimi Filii*

Karaniwan sa mga klerigo ng Old Roman na makaranas ng pag-aalinlangan at moral na skrupulosidad tungkol sa kanilang ministeryo at ordinasyon. Ang pakikibakang ito ay madalas na nagmumula sa malalim na layuning pinagsasaluhan nating lahat: tuparin ang ating bokasyon sa loob ng Simbahan. Ni sa hinagap ng ating isip ay hindi natin ninais na tayo ay magiging "labas" sa tradisyonal na istruktura ng Simbahan; sa halip, nais nating maglingkod nang direkta sa ilalim ng gabay at awtoridad ng hierarkiya at ng Papa.

Dahil sa ating masidhing diwa ng Romanitas at pagka-Katoliko, maaari tayong makaranas ng pagtatalo sa ating loob upang mailapat ang ating kalagayan at sitwasyon sa kung ano ang alam nating tamang konteksto para sa ating mga bokasyon. Ang ating pamanang nag-uugat sa pagka-Romano natin, gayun din ang pagkakakilanlan natin bilang mga Katoliko ay mahalaga sa ating pag-unawa sa ating mga tungkulin at responsibilidad sa loob ng Simbahan. Ang malalim na koneksyong ito ay lalong nagpapahirap na tanggapin ang ating kasalukuyang kalagayan, na lumilihis mula sa karaniwang istruktura ng Simbahan na ating pinapahalagahan.

Gayunpaman, ang ating hindi matinag na katapatan sa Roma ng pang-habang panahon at sa mga pangmatagalang tradisyon nito ay kinakailangang humiwalay tayo mula sa ilang mga makabagong gawi at istruktura. Bagaman mahirap ang paghihiwalay na ito, kinakailangan ang hakbang na ito upang mapangalagaan ang mga sakramento at ang pangmatagalang doktrina ng Simbahan para sa mga susunod na henerasyon. Tinatahak natin ang mahirap na landas na ito hindi dahil sa pagsuway, kundi dahil sa taimtim na dedikasyon upang mapanatili ang katatagan at kadalisayan ng pananampalataya na ipinasa sa atin sa loob ng maraming siglo.

Ang ating kasalukuyang kalagayan at sitwasyon ay sumasalamin sa katapatan ng ating mga bokasyon, sa diwa ng pagsasakripisyo ng pagkapari, at sa ating pagkakakilanlan sa pamamagitan nito kay Kristo. Tulad ng sinabi ni Arsobispo Fulton Sheen, "Ang pari ay hindi kanya" (Sheen, Fulton J. The Priest Is Not His Own. Alba House, 2004). Ito ay sumasalamin sa ating katotohanan na ang ating bokasyon ay higit pa sa personal na mga hangarin at nakahanay sa isang banal na layunin. Bagaman marami sa atin ang nakaranas ng bokasyon bilang isang personal na tawag—bunga ng ating sariling kalooban at pagnanais bilang tugon sa Diyos at sa mga pagganyak ng Espiritu Santo—kahit na tila wala itong pormal na pagpapatibay ng Simbahan, ang ating bokasyon ay nananatiling wasto. Paalala sa atin ni San Juan Vianney, "Ipinagpaptuloy ng pari ang gawain ng pagtubos sa lupa… Kung talagang nauunawaan natin ang pari sa lupa, hindi

tayo mamamatay sa takot kundi sa pag-ibig" (Gallagher, Patrick V. The Cure D'Ars Today: St. John Vianney. Ignatius Press, 1986). Sa katunayan, para sa Simbahan, tinawag tayo ng Diyos na ialay ang ating sarili sa partikular na kontekstong ito. Kung paanong ang ating Panginoon ay parehong pangunahing diwa at katuparan ng relihiyong Hudyo, ngunit lumitaw sa labas ng Simbahang Hudyo, sumasalamin ang ating sitwasyon sa Kanya.

Para sa ating mga nakababatang klerigo, kinikilala ko ang inyong mga natatanging hamon. Ang sanhi ay ang pagkakakilala sa modernistang Simbahan at hierarkiya bago natuklasan ang kayamanan ng Tradisyon. Dahil sa paglipat na ito ay madalas nakakaramdam tayo ng pag-iisa at sakit ng pag-uusig mula sa mga dating kaibigan, kasamahan, kapwa seminarista, at maging ng mga miyembro ng pamilya. Ang inyong paglalakbay ay hindi madali, at ang paghihirap na inyong nararanasan ay maaaring masakit. Gayunpaman, sa mga pagsubok na ito, ang inyong pananampalataya ay pinalalakas at ang inyong bokasyon ay pinadadalisay. Tulad ng sinabi ni San Juan Eudes, "Ang pinakadakilang biyayang maibibigay ng Diyos sa isang kaluluwa ay ang pagkalooban siya ng bokasyon sa pagkapari" (Eudes, St. John. The Priest: His Dignity and Obligations. Loreto Publications, 2000). Ang inyong landas, kahit puno ng hamon, ay patunay ng malalim na biyaya ng inyong bokasyon.

Habang tinatahak ninyo ang mga mahirap na panahon na ito, hanapin ninyo ang kaaliwan at pagkakapanatag sa halimbawa ng ating Pinagpalang Panginoon. Si Jesucristo, bagaman banal, ay hindi maunawaan at nakaranas ng pagtanggi, at pagdurusa mula sa mga relihiyosong awtoridad ng Kanyang panahon. Nanatili siyang matatag sa Kanyang misyon, na pinapatnubayan ng pag-ibig at pagsunod sa kalooban ng Ama. Sa Kanyang Pagpapakasakit at Pagkakapako sa Krus, ipinakita Niya ang pinakadakilang sakripisyo sa nhalan ng pag-ibig at katapatan sa katotohanan. Si Jesus mismo ay nagpapaalala sa atin, "Kung napopoot sa inyo ang mundo, alamin ninyo na napoot ito sa akin bago sa inyo. Kung kayo'y sa mundo, iibigin kayo ng mundo sapagkat kayo'y kanya. Ngunit hindi kayo sa mundo, kundi pinili ko kayo mula sa mundo, kaya napopoot sa inyo ang mundo" (Juan 15:18-19). Sa pagninilay sa Kanyang buhay at pag-aalay ng buhay, makakakuha tayo ng lakas at tapang upang magpatuloy sa ating mga bokasyon, alam nating nakikibahagi tayo sa Kanyang mga paghihirap para sa kaluwalhatian ng Diyos at kaligtasan ng mga kaluluwa. Maganda ang sinasabi ni San Francisco ng Assisi: "Maaaring ang inyong gawain ang natatangong pangangaral na maririnig ng tao sa inyo" (San Francisco ng Assisi. Ang Mga Bulaklak ni San Francisco ng Assisi. Iba't ibang edisyon). Kaya't, mangaral tayo sa pamamagitan ng ating katatagan at katapatan, na nakatatagpo ng aliw sa katotohanan na tayo ay sumusunod sa mga yapak ng ating Tagapagligtas.

Maaring makatagpo din kayo ng mga mananampalatayang hindi lubos amg kaalaman, na naimpluwensyahan ng modernismo, na naniniwala na ang kanilang mga mangmang na opinyon tungkol sa eklesiyolohiya at Simbahan ay nagbibigay katwiran sa kanilang pag-uusig sa atin. Tunay ngang mahirap at nakakapanghina ng loob ang mga ito. Ang

ating mga klerigo ay dapat magsikap na patuloy na mag-aral tungkol sa tunay na itinuturo ng Simbahan, upang maipagtanggol ang kanilang sarili sa pamamagitan ng apologetika. Tulad ng sinabi ni San Pio X, "Ang pinakamalaking hadlang sa apostolado ng Simbahan ay ang kamangmangan ng mga mananampalataya" (Pius X,St. Acerbo Nimis. Encyclical, 1905). Sa pamamagitan ng pagpapalalim ng inyong pag-unawa sa doktrina at kasaysayan ng Simbahan, mas magiging handa kayong itama ang mga maling akala, ipagtanggol ang katotohanan, at ipakita ang pagkakaugnay ng ating pananampalataya sa mga turo ng mga Ama ng Simbahan at mga naunang Konsilyo.

Natural para sa mga batang klerigo na makaramdam ng kakulangan dahil sa ipinagkait na kalikasan ng ating mga kalagayan, lalo na kapag ikinukumpara ang kanilang sarili sa kanilang mga kapwa seminarista na nagtatamasa ng mga materyal na benepisyo at seguridad ng institusyonal na Simbahan. Ang paghahambing na ito ay maaaring magdulot ng pakiramdam ng pagiging mas mababa kaysa sa kanilang mga katapat sa ilalim ng hierarkiya. Gayunpaman, tandaan ninyo na kahit na nangangahulugan ito na ang materyal na konteksto ng ating ministeryo ay mas mahirap, si Kristo at ang mga Apostol ay nagtiis din ng kawalan ng kapangyarihan at mga benepisyo ng pag-apruba ng lipunan. Mahirap isalaysay ang nag-iisang landas na ito sa kagalakan na tinatamasa ng iba na tila mas magaan ang krus. Ngunit bagaman maaaring tinatamasa nila ang kalayaan ng institutionalismo at mga benepisyo ng pagiging nasa loob ng institusyon, hindi sila nakalaan sa langit nang hindi rin niyayakap ang isang krus na tila sa kanila ay mas mahirap dalhin—ang krus ng kanilang kayabangan, kasakiman, kaginhawahan, at kakulangan ng biyaya at pagsasakripisyo ng sarili. Kapag dumating ang mga krus na iyon, magiging mas mahirap para sa kanila kaysa sa atin na magtiis at manatiling tapat.

Huwag niyong isipin na tayo ay mas mababa dahil tayo ay napagkaitan—tayo ay mga misyonaryo na may buong kalayaan na dulot ng pagiging malaya mula sa korupsiyon ng institusyon! Tayo ang diwa ng lahat ng mga Santo na nagpagal sa mga munting

paraan ngunit may dakilang bokasyon! Tayo rin, tulad nila, ay pinadadalisay ngayon sa lupa para sa mas mabilis na pagpasok sa langit! Magalak, sapagkat tayo ay tatawaging "mabuti at tapat" na mga lingkod at aanyayahang "pumasok sa kagalakan ng iyong Panginoon" kapag natapos na ang ating paglalakbay dito sa bayang kahapis-hapis! Hindi ba sinabi ng ating Panginoon, "Kung ako'y inusig nila, kayo rin ay uusigin nila" (Juan 15:20)? Kaya't magpakatatag ka, minamahal kong anak—damhin ang Kanyang Puso—ibinahagi at ipinagkatiwala sa iyo sa pamamagitan ng aming mga kamay—at ikaw ay magagalak sa mga kalangitan!

Ang paglalakbay na ito, bagaman puno ng mga hamon at minarkahan ng matatag na pagsunod sa paniniwala, sa huli ay nagpapatibay ng ating pagkakakilanlan at misyon bilang mga Katoliko na nakatuon sa pagpapanatili ng diwa ng ating pamanang pangrelihiyon. Sinasabi ni San Alfonso Liguori, “Kapag nakakita tayo ng isang magandang kaluluwa, dapat nating laging tandaan na sa mundo ay maraming mga nakatagong banal” (Liguori, San Alfonso. The Glories of Mary. Isinalin ni Eugene Grimm, Redemptorist Fathers, 1852). Ang tensiyon na ating nararamdaman ay isang

patunay sa lalim ng ating debosyon at ang seryosong pagtingin natin sa ating mga espirituwal ma katungkulan. Ito ay higit pang nagpapakita ng natatanging posisyon na ating hinahawakan sa mas malawak na konteksto ng Simbahan, na pinagsasama ang malalim na paggalang sa tradisyon sa pangangailangang pamahalaan ang ating mga bokasyon nang malaya sa karaniwang balangkas ng Simbahan.

Sa katotohanan, ang mga panloob na sigwa at kawalang katiyakan na ating nararanasan ay hindi mga anomalya bagkus ay sumasalamin sa ating malalim na dedikasyon sa pagpapanatili ng integridad ng ating pananampalataya. Ang mga ito ay nagpapakita ng ating pagsusumikap sa mga prinsipyo at kasanayan na nagtatakda sa ating Romanong Katolikong pagkakakilanlan. Sa pamamagitan ng pananatiling tapat sa mga prinsipyong ito, kahit sa harap ng mahihirap na pagpapasiya at makabuluhang mga sakripisyo, tinitiyak natin na ang mga sakramento at mga turo ng Simbahan ay patuloy na mananatiling buo at hindi mababago para sa mga susunod na henerasyon. Tulad ng binigyang-diin ni Papa Leo XIII, "Walang mas mapanganib kaysa sa mga erehe na habang pinapanatili ang anyo ng kabanalan, pinipilipit ang kahulugan ng pananampalataya sa pamamagitan ng kanilang mga banayad na pagkakamali" (Leo XIII, Papa. Encyclical Letter Satis Cognitum. 1896). Ang pangmatagalang katapatan na ito sa Romang pang-habang panahon ay parehong hamon at panawagan sa arin, na nagtutulak sa atin na panatilihin ang mga banal na tradisyon at pangunahing doktrina ng ating pananampalataya.

Ang ating karanasan ay tulad ng kay Kristo, na tinupad ang Kanyang banal na misyon sa labas ng mga itinatag na relihiyosong awtoridad ng Kanyang panahon, gayunpaman siya ang katuparan ng kanilang mga propesiya at ang diwa ng kanilang pananampalataya. Sinabi ni Arsobispo Marcel Lefebvre, "Hindi kami ang mga nasa eskismo kundi ang mga modernista" (Lefebvre, Marcel. Open Letter to Confused Catholics. Angelus Press, 1986). Sa parehong paraan, ang ating mga bokasyon, kahit na wala sa kasalukuyang pagpapatibay ng awtoridad ng simbahan, ay wasto at mahalaga para sa pagpapatuloy at pagpapanatili ng tunay na mga turo at sakramento ng Simbahan. Sinabi ni San Francisco ng Assisi, "Pabanalin ninyo ang inyong mga sarili at inyong mapapabanal ang lipunan" (San Francisco ng Assisi. Ang Mga Bulaklak ni San Francisco ng Assisi. Iba't ibang edisyon). Ang pagsunod na ito sa karanasan ni Kristo ay nagpapalakas ng ating resolusyon at nagpapatunay ng katuwiran ng ating landas, na pinagtitibay ang ating pangako na maglingkod sa Simbahan nang may di-matitinag na katapatan at debosyon.

Sa pagyakap sa ating mga tungkulin sa natatanging kontekstong ito, tayo ay nagsasabuhay ng espiritu ni San Pio ng Pietrelcina, na nagsabi, "Manalangin, umasa, at huwag mangamba. Walang silbi ang pag-aalala. Ang Diyos ay mahabagin at didinggin ang iyong panalangin" (Ruffin, Bernard C. Padre Pio: The True Story. Our Sunday Visitor, 1991). Patuloy tayong maglilingkod na may pag-asa at paniniwala na ang ating mga pagsisikap ay nag-aambag sa higit na kabutihan ng Simbahan, sa pagpapanatili ng kanyang banal na pamana para sa mga mananampalataya ngayon at sa hinaharap.

Pagpalain kayo ng Diyos at panatilihin kayong matatag sa inyong banal na bokasyon.

*Oremus pro invicem.*

*I.X.*

*Brichtelmestunensis*
*S. Leonis Papæ et Confessoris MMXXIV A.D.*